



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 56 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 12 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 3, 2026, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konschal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konschal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konschal David D. De La Cruz	- Miyembro
Konschal Michael O. Pongyan	- Miyembro
Konschal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konschal Christopher Y. Carvajal	- Miyembro
Konschal Gualberto V. Magno	- Miyembro
Konschal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konschal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
Konschal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 273
Taong 2026

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO, G. LARRY M. TUMACA

SAPAGKAT, si G. Larry Tumaca ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan mula Hulyo 1, 2010 hanggang Hulyo 28, 2026;

SAPAGKAT, bilang isang kawani, ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang may pagmamalasakit at dedikasyon;

SAPAGKAT, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya nang buong katapatan, kasipagan at may dedikasyon ang tungkuling sa kanya ay iniatang;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Larry M. Tumaca.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Larry M. Tumaca, ang tauspusong

ROBERT S. QUIATCHON


FERDINAND V. TALENS, MPA

pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Larry M. Tumaca lakip ang tauspusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Agosto 3, 2026

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


ROBERT S. QUIATCHON
Tagapangulo

merito 03/03/2026


Angel Nica Capas
8/4/2026